Ano ang aasahan sa King County habang ang Washington ay ganap na muling magbubukas

Para sa iyo

Kapag nagbukas muli ang Washington, ang karamihan sa paghihigpit sa Covid-19 ay aalisin. Karamihan sa mga negosyo at pampublikong lugar kabilang ang mga restawran, tindahan, opisina, sinehan, at mga museo ay maaring bumalik sa buong kapasidad ng wala ng mga kinakailangang pisikal na pagapalayo.

Saan kailangang mong magsuot ng maskara at panatilihin ang pisikal na distansya:

Lokasyon	Buong nabakunahan (dalawang linggo matapos ang serye ng bakuna)	Bahagyang nabakunahan o walang bakuna
Masikip na mga panlabas na lugar na pampubliko (panlabas na mga kaganapan, abalang kalye o daanan)		✓ (kung hindi mapapanatili ang anim na talampakan na distansya)
*Mga **panloob** na pampublikong lugar, sa pangkalahatan*		✓
*Mga **panloob** na pampublikong lugar* kung saan hinihiling o hinihingi ng mga may-ari ng negosyo ang patakaran sa maskara para sa lahat	✓	✓
Mga ospital, pangmatagalang pag-aalaga, mga opisina ng duktor, mga pasilidad sa pagwawasto, tirahan ng mga walang natutuluyan, eskwelahan, o sa mga pampublikong transportasyon	✓	✓

Maaaring magsuot ng maskara ang mga taong ganap na nabakunahan kung pipiliin nila, lalo na sa paligid ng mga hindi nababakunahan, mayroong mga kondisyog medikal, o may kasamang mga bata na hindi pa karapat-dapat na bakunahan. Hindi pa nababakunahan ang lahat, kasama na ang mahigit sa 300,000 mga bata, kaya dapat magpatuloy ang bawat isa na sundin ng lahat ang mga alituntunin ng pagsuot ng maskara ng estado pati na ang mga alituntunin ng CDC sa pagbibiyahe.

Ang Covid-19 ay naririto pa rin sa ating mga pamayanan. Ang pinaka-mabisang proteksyon ay ang mag-pabakuna. Ito ay libre, ligtas, at epektibo. Bisitahin ang aming website para sa mga lugar na pabakunahan sa komunidad(regular na ina-update): **www.kingcounty.gov/vaccine**.

Para sa mga Negosyo at Organisasyon

Ang lahat ng mga negosyo at organisasyon ay maaaring suportahan ang ligtas na muling pagbububukas. Sundin ang mga patnubay ng estado ng Washington upang maprotektahan ang inyong mga empleyado at kostumer, sa pamamagitan ng tamang bentilasyon sa panloob, pagsisikap sa pagpapabakuna, at mga

Public Health
Seattle & King County

alituntunin sa pagsuot ng maskara. Ang mga negosyo at organisasyon ay mananatiling may karapatang humiling sa mga kostumer at empleyado na magsuot ng mga maskara.

Ang mga empleyadong ganap na nabakunahan ay hindi na kailangang magsuot ng maskara o magpanatili ng distansya sa lugar ng trabaho maliban na lamang kung kailangan pa ito ng kanilang pinagtatrabahuhan. Ngunit, ang Washington Labor & Industries ay humihiling sa mga tagapag-employe na i-verify na ang mga empleyado ay kumpleto na sa bakuna.

Para sa Malalaking mga Kaganapan (10,000+ na mga kalahok)

Inirerekomenda ang pag-verify ng bakuna at negatibong pagsusuri ngunit hindi kinakailangan para sa malalaking kaganapan sa **panloob o panlabas** tulad ng mga konsiyerto, kombensiyon, at mga pangyayaring pampalakasan. Walang limitasyon sa kapasidad o alituntunin sa pisikal na distansya para sa mga panlabas na kaganapan.

Ang malakihang kaganapan sa **panloob** ay limitado sa 75% na kapasidad. Kung ang kaganapan ay nangangailangang magpakita ng katibayan ng bakuna sa lahat ng mga kalahok, maaari nilang ipagpatuloy ang mga aktibidad ng buong kapasidad at hindi na kailangan magpanatili ng distansya. Ang lahat ng kalahok ay nangangailangang sumunod sa mga kasalukuyang alituntunin sa pag-suot ng maskara.

Sa Pagsulong

Ang King County at estado ng Washington ay patuloy na susubaybayan ang mga pagbabakuna ng Covid-19 at antas ng impeksyon, pati narin ang pag-susuri at muling ebaluwasyon ng mga alituntunin at paghihigpit kaugnay dito. Kung ang mga kaso ay maliwanag na tumataas at magdulot ng pampublikong alalahanin sa kalusugan, ang mga plano ng muling pagbubukas ay ia-update kung kinakailangan.